Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 8-13

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG HULYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 172-T'99

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 54-T'99/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA INILILIPAT ANG HALAGANG SAMPUNG LIBONG PISO (P10,000.00) NA NAKALAAN SA ILUMINASYON AT PATUBIG AT HALAGANG SIYAM NA LIBO LIMANDAANG PISO (P9,500.00) MULA SA PONDO SA MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN NA NAKALAAN SA KAGAMITAN AT MATERYALES UPANG PAREHONG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG TULAY AT DAAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG LABINGSIYAM NA LIBO LIMANDAANG PISO (P19,500.00).**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 54-T'99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T'99 ng Sang. Brgy. ng Bubukal na naglalayong makapaglipat at makapaglaan ng pondo ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang paglilipat ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang iba pang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapapanagutan ng Sang. Brgy. ng Bubukal;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 54-T'99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T'99 ng Sang. Brgy. ng Bubukal na inililipat ang halagang P10,000.00 na nakalaan sa Iluminasyon at Patubig at halagang P9,500.00 mula sa pondo sa mentinansya at iba pang gugulin na nakalaan sa kagamitan at materyales upang parehong ilaan sa pagpapagawa ng tulay at daan ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P19,500.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

NGGUNIANG BAYAN E
8-13
CRU

-219-